



Office of the Secretary

OCT 16 2007

DepED MEMORANDUM

No. 116, s. 2007

DEPARTMENT OF LANGUAGES AND LITERATURE (DOLL)  
PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP

To: Regional Directors  
Schools Division/City Superintendents  
Heads, Public and Private Elementary and Secondary Schools

1. Ang Department of Languages and Literature (DOLL) sa pangunguna ng mga guro sa seksyon ng Filipino ng University of San Carlos (USC) ay magtataguyod ng pambansang seminar-worksyap sa Oktubre 11-13, 2007 na gaganapin sa Bittenbruch Hall, Main Campus ng USC, P. del Rosario St., Lungsod ng Cebu.

2. Ang tema ng pambansang seminar-worksyap ay "Ang Bago at Makabago sa Pagbabago: Ang Nagpapatuloy na Inobasyon at Hamon sa mga Isyu ng Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Filipino".

3. Ang mga layunin ng seminar-worksyap ay:


- a. nakapag-uugnay sa mga tradisyunal at inobatibong lapit at estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino;
- b. nakabubuo ng mga panibagong paraan sa paglutas at pagharap sa mga isyu at suliranin kaugnay sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto;
- c. nalilinang ang kasanayan at kahusayan sa pagsusuri sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika;
- d. nakapagpapamalas ng mga bagong interes sa pagpapaunlad sa mga bagay na may kinalaman sa kontemporaryong isyu sa wika, panitikan, lipunan at kultura; at
- e. nakapagsusuri sa mga bagong metodolohiya at teknik sa pananaliksik at pagdidiskurso na may pagbibigay-halaga sa kaisipang Pilipino.

4. Inaasahang dadalo sa pambansang seminar ang mga panrehiyon/pansangay na superbisor sa Filipino, tagapag-ugnay, tagapangulo ng/sa Filipino at kinatawan ng mga paaralang pampubliko at pribado mula sa elementarya, sekundarya at tersyarya. Ang mga manggagaling sa pampublikong paaralan ay puwedeng dumalo sa **opisyal na oras** lamang.

5. Ang bayad sa rehistrasyon ay Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) na gugugulin para sa anim na meryenda, tatlong tanghalian, seminar kit, honorarium ng mga ispiker at presentor at iba pang gastusin kaugnay ng seminar.

6. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag kina Bb. Niza M. Dichos, Ko-Direktor ng Seminar-Worksyp sa cellphone blg. 0917-3281542 o kay Gng. Linda Urbano, sekretarya ng departamento sa tel. blg. (032) 253-1000 lokal 166.

7. Hinihiling ang maaga, madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
RAMON C. BACANI  
Pangalawang Kalihim

Sanggunian: W a l a  
Pamumudmod: 1 - -(D.O. 50-97)  
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan  
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO  
SEMINARS  
SOCIETY or ASSOCIATIONS  
TEACHERS

Model:c:DOLL Pambansang Seminar  
10-09-07  
Computer used: maricar